



NEW MUSLIM
ACADEMY



WORSHIP

ISANG-BUWANG PAMPANIMULANG PAG-AARAL



AKADEMYA NG BAGONG MUSLIM

WWW.NEWMUSLIMACADEMY.PH

Panimula

Ang Islam ay nakabatay sa limang saligan: ang dalawang pagsaksi sa pananampalataya, ang itinakdang mga dasal, ang isinatungkuling kawanggawa, ang pag-aayuno, at ang peregrinasyon (pilgrimage). Sa pagyakap sa Islam at pagbigkas ng dalawang pagsaksi sa pananampalataya, natupad mo na ang una at pinakamahalagang saligan ng Islam. Ang saligang iyon ay nagbubukas sa pintuan patungo sa pagiging malapit sa espirituwalidad kay Allah sa pamamagitan ng pagsamba. Sa Islam, hindi lamang natin basta-basta sinasamba si Allah kung papaanong nating naiibigan, bagkus ayon sa ipinag-utos Niya mismo sa atin na sambahin Siya sa Qur'an at sa pamamagitan ng praktikal na halimbawa ni Propeta Muhammad 1 (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya). Yayamang ang nalalabing apat na saligan ng Islam ay lahat mga pisikal na gawain, ang mga ito ay napabibilang sa sangay ng isang karunungan na kilala sa tawag na Fiqh². Sa interaktibong e-aklat (e-book) na ito, titingnan natin ng isa-isa ang mga gagawin at mga hindi gagawin sa apat na haliging ito ng Islam. Mangyaring bigyang-pansin na mayroong higit na maraming detalye sa babanggitin natin sa e-aklat na ito, na inaasahang matutunan mo habang lumalago ka sa iyong paglalakbay sa kaalamang Islamiko. Sa ngayon, pagtutuunan natin ang pinakamahalagang mga aspeto ng bawat saligan, upang makatulong sa iyo sa pag-unawa at pagsisimula sa pagsamba kay Allah.

¹ Ang buhay ni Propeta Muhammad (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay matatagpuan sa mga sanaysay na kilala sa tawag na Hadith. Ang mga ito ay kalipunan ng kanyang mga sinabi, mga ginawa, at mga sinang-ayuna nang tahimik.

² Sa literal na kahulugan, nangangahulugan itong 'pag-unawa.' Sa teknikal na kahulugan, tumutukoy ito sa mga panuntunang kaugnay sa mga gawain gaya ng mga pag-darasal, pag-aayuno, mga patakaran ng pag-aasawa, diborsiyo, pagkain, pag-inom, at iba pa.

Sasaklawan ng e-aklat na ito ang limang pangunahing kabanata:

1

Kabanata

PAGDADALISAY

2

Kabanata

ITINAKDANG DASAL

3

Kabanata

**ISINATUNGKULING
KAWANGGAWA**

4

Kabanata

PAG-AAYUNO

5

Kabanata

PEREGRINASYON

KABANATA



PAGDADALISAY

Pagdadalisay

Sa Islam, para sa ilang gawain ng pagsamba, dapat tayong nasa isang kalagayan ng kadalisan at kalinisang rituwal. Ito ay higit pa sa ating pang-araw-araw na pag-aayos at kalinisan. Ito ay mahalaga dahil kapag nagsasagawa tayo ng ilang gawaing nagkakaroon tayo ng isang direktang ugnayan kay Allah, kailangan tayong nasa pinakamataas na kalagayan ng posibleng kadalisyang rituwal. Ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: “Tunay na si Allah ay dalisay at wala Siyang tinatanggap kundi ang dalisay.” Ang sumusunod ay ang mga gawain ng pagsamba na mangangailangan ng isang kumpletong kalagayan ng kalinisang rituwal:

- 1. Pagdarasal**
- 2. Pag-ikot sa paligid ng Ka`bah (tawaf)**
- 3. Paghawak sa Qur’an**
- 4. Pagbigkas ng Qur’an³**
- 5. Pag-upo sa masjid**

Yayamang ang ikalawang saligan ng Islam ay ang pagdarasal, na ang kalinisan ay paunang kinakailangan (prerequisite), sismulan natin ang ating paglalakbay fiqh sa kabanatang ito ng kalinisan.

T1: Maaari mo bang bigkasin ang Qur’an (sa wikang Arabe) nang walang wudu? Tama o Mali

T2: Maaari bang tumawid sa loob ng masjid ang isang tao kung kinakailangan siyang magsagawa ng paligong rituwal?

Oo o Hindi

³ Hindi ipinahihintulot sa isang nakipagtalik hanggang sa makapaligo siya.

Ang dalawang pangunahing gawain na naghahatid sa isang kalagayan ng kadalisyang rituwal:

1. Paghuhugas (wudu)

2. Paligong Rituwal (ghusl)

Sa dalawang gawaing nabanggit sa itaas, ang simpleng tubig ang pangunahing sangkap ng pagdadalisay. Hanggat ang tubig ay mukhang tubig, amoy tubig, at lasang tubig, maaari itong gamitin para sa wudu at ghusl. Subalit kung nahaluan ang tubig ng isang bagay na nagpabago sa isa sa mga katangian nito gaya ng sabon, tonic, at tulad nito, hindi na maaaring gamitin pa ito para sa wudu at ghusl.

Ang Wudu

Ano ito?

Ang wudu ay ang gawain na ipinanglilinis natin sa ating mga sarili upang maging handa sa pagsasagawa na ating pang-araw-araw na mga dasal. Ang wudu ang paghuhugas ng ilang bahagi ng katawan na nagaganap sa loob ng mga isang minuto. Mayroon maraming kalamangan ang pagsasagawa ng wudu at ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay humihimok sa atin na palaging maging nasa kalagayan ng nakapagsagawa ng wudu. Sinabi rin niya: “Ang kalinisan ay kalahati ng pananampalataya.”

Ang isang halimbawa ng mga kagalingan ng wudu ay matatagpuan sa sumusunod na hadith ng Propeta: “Ang sinumang nagsagawa ng wudu nang maigi ay aalis ang mga kasalanan sa katawan niya pati na sa ilalim ng mga kuko niya.” Ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay minsang nagtanong sa kanyang Kasamahang si Bilal: “O Bilal, aling gawain ang isinagawa mo na nagbigay sa iyo ng higit na pag-asa sapagkat narinig ko ang mga yabag mo sa Paraiso? Sinabi niya: ‘Ang gawaing may higit na pag-asa ako ay na hindi ako nagsagawa ng wudu sa maghapon o gabi malibang pagkatapos nito ay nagsagawa ako ng isang dasal.’”

Kailan mo isasagawa ito?

Ang wudu ay isinasagawa sa kalimitan matapos maganap ang sumusunod:

1. Ang pag-ihhi

2. Ang pagdumi

3. Ang pag-utot

4. Ang pagkahimbing

5. Ang direktahang pagsaling sa maselang bahagi ng katawan

Ang mga kaasalan sa paggamit ng palikuran

Pag dating sa ihhi at dumi, upang matiyak na ang ating buong katawan ay malinis, mayroong ilang kaasalang kailangang matandaan natin:

- a. Bago pumasok sa banyo, magsagawa ng sumusunod na panalangin: “O Allah, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masasama.”⁴
- b. Pumasok sa banyo na inuuna ang kaliwang paa.
- c. Binibigyan ng Islam ng malaking pagpapahalaga ang kabinihan (modesty), kaya kapag gagamit ng palikurang pampubliko, huwag kang gumamit ng urinal sa halip ay inodorong nasa silid na naisasara (stall).
- d. Sa loob ng palikuran, hindi mo dapat banggitin ang pangalan ni Allah ni bumigkas ng anumang bahagi ng Qur’an.
- e. Hindi ka dapat magsalita habang umihi o dumudumi, malibang mayroong tunay na pangangailangang gawin ito.
- f. Higit na mainam na umihi nang nakaupo.
- g. Tiyaking walang duming mapunta sa iyong kawan o kasuutan, gaya ng talsik ng ihhi.

⁴ اللهم إني أعوذ بك من الخيث و الخباث
Allahumma inni a'udhu bika min
al-khubuth wal-khaba'ith

- h. Matapos umihi, itinatagubiling hugasan ng tubig ang ari upang matiyak na ang lahat ng karumihan ay maalis, at saka gumamit ng tissue paper. Ang proseso ng paglilinis at pagsaling ng maselang bahagi ay dapat isagawa sa pamamagitan ng kaliwang kamay.
- i. Matapos gumamit ng palikuran, dapat palaging maghugas ng mga kamay.
- j. Sa paglabas ng palikuran, unahin ang kanang paa.
- k. Pagkatapos ay sabihin: Ghufrānak⁵ (Hinihingi ko ang kapatawaran Mo).

Papaanong magsagawa ng wudu?

Heto ang pamamaraan ng pagsasagawa ng wudu mula sa simula:

1. Gumawa ng layunin sa iyong puso na magsasagawa ka ng wudu bilang isang gawain ng pagsamba para sa ikasisiya ni Allah.⁶
2. Magsabi ka ng bismillāh (Sa ngalan ni Allah).⁷
3. Hugasan mo ang iyong mga kamay hanggang sa pulso nang tatlong ulit, na nagsisimula sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa. Tiyaking nakaaabot din ang tubig sa pagitan ng mga daliri.
4. Pagkatapos, sumalok ng tubig sa pamamagitan ng iyong kanang kamay. Mayroon kang tatlong kailangang gawain sa isang salok na ito:
 - i. Ilagay ang kalahati nito sa iyong bibig at ang natirang kalahati sa iyong ilong sa pamamagitan ng pagsinghot nito.
 - ii. Pagalawin ang tubig sa iyong bibig at imumog ito kung posible at saka ibuga.
 - iii. Isinga ang tubig palabas sa iyong ilong. Ang paghugas na iyon ng bibig at ilong ay dapat ulitin nang tatlong ulit.
5. Pagkatapos ay maghilamos nang 3 ulit. Ang sakop ng mukha ay mula sa isang tainga hanggang sa kabilang tainga,

⁶ Ang layunin ay lubhang mahalga, at isang pangunahing bahagi para sa lahat ng mga gawain ng pagsamba.

⁷ بِسْمِ اللّٰهِ
Bismillāh

at mula sa dulo ng noo hanggang sa baba. Kasama rito ang paghaplos ng basang kamay sa buong balbas.

6. Pagkatapos ay hugasan ang braso nang tatlong ulit, hanggang siko. Pagkatapos ay hugasan ang kaliwang braso sa katulad na paraan nang 3 ulit.
7. Pagkatapos ay basain ang mga kamay at ipahid sa iyong ulo. Magsimula sa harapan ng noo at ihaplos ang mga kamay hanggang sa buhok ng batok at ihaplos pabalik sa harapan. Pagkatapos ay haplusin ang mga tainga sa pamamagitan ng paglalagay ng hintuturo sa harapang bahagi ng tainga at ng paggamit ng mga hinlalaki sa paghaplos ng likuran ng tainga ng bawat tainga. Ito ay ginagawa ng isang ulit lamang.
8. Pagkatapos ay hugasan ang kanang paa nang 3 ulit, hanggang bukungbukong. Tiyaking umaabot ang tubig hanggang sa mga daliri ng paa at nahuhugasan ang sakong. Ulitin ang gayon para sa kaliwang paa nang tatlong ulit.
9. Sabihin ang sumusunod na panalangin: Ashhadu al lā ilāha illa Allāh wa hdahu lā sharīka lah, wa ashhadu anna \ Muhammadan `abduhu wa rasūluh, Allahumma -j`alni min attawwābīna wa-j`alni min almuta tahhirīn (Sumasaksi ako na walang may karapatang sambahin kundi si Allah la mang, at sumasaksi ako na si Muhammad ay lingkod niya at Sugo niya. O Allah, gawin Mo ako na kabilang sa mga mapagbalik-loob at gawin Mo ako na kabilang sa mga mapagdalisay.)⁸

8 أشهد أن لا إله إلا الله وحده لا شريك له و أشهد أن محمدا عبده و رسوله، اللهم اجعلني من التوابين و اجعلني من المنتظرين

Ashhadu al lā ilāha illa Allāh wahdah
hu lā sharīka lah, wa ashhadu anna
Muhammadan `abduhu wa rasūluh,
Allahumma -j`alni min attawwābīna
wa-j`alni min almutatahhirīn

Mga Madalas Itanong

T1: Nakalimutan kong maghilamos at sa halip ay naghugas agad ng mga braso, ano ang gagawin ko?

S: Kailangang hugasan mo ang mga bahagi ng katawan ayon sa tamang pagkakasunud-sunod.

Kung may nakaligtaan ka, balikan mo ang nakaligtaan at magpatuloy ka mula roon.

T2: Hinaplos ko ang ibabaw ng ulo ko at pagkatapos ay nakaring-ig ako ng ring ng telepono, kaya pinuntahan ko at sinagot ang tawag. Pagkalipas ng 15 minuto, bumalik ako at hinugasan ko ang mga paa ko. OK lang ba iyan?

S: Hindi, sa wudu kinakailangang tiyakin mong hindi magkakaroon ng malaking pagitan ang mga paghuhugas at magsisimula nang matuyo ang mga bahaging nahugasan. Sa kasong nabanggit sa itaas, kailangang magsagawa uli ng isang buong wudu.

Ang pagsusuot ng medyas

Kapag nakapagsagawa ka na ng buong wudu gaya ng inilarawan sa itaas, maaari ka nang magsuot ng medyas. Kapag nakapagsuot ka na ng medyas, sa susunod na 24 oras magsimula sa kasunod na pagsasagawa ng wudu, maaari kang maghaplos ng basang kamay sa ibabaw ng medyas sa halip na hugasan ang mga paa.

Kapag dumating sa ika-8 hakbang sa pagsasagawa ng wudu na nabanggit sa itaas, babasain na lamang ang mga kamay, at pagkatapos ay ipupunas sa ibabaw ng medyas. Ang kanang medyas muna bago ang kaliwang medyas.

Ang natatanging pagkakataon na ang pagpupunas sa mga medyas ay hindi makasasapat ay sa dalawang pagkakataon:

- a. Kung kinakailangan mong magsagawa ng paligong rituwal (ghusl), na sa gayong kalagayan ay huhubarin naman talaga ang medyas.
- b. Kung aalisin ang medyas sa anumang dahilan, at pagkatapos ay kailangang magsagawa ng wudu para sa anumang dahilan. Sa ganitong kalagayan ang mga paa ay kailangang hugasan nang buo.

T1: Nagsuot si John ng medyas bago nagsagawa ng isang kumpletong wudu at bago naghugas ng paa. Ano ang dapat niyang gawin?

- a) Magpatuloy siya at magpunas sa ibabaw ng mga medyas
- b) Hubarin niya ang mga medyas at hugasan ang mga paa, at muling isuot ang mga medyas
- c) Hugasan niya ang mga medyas sa halip na ang mga paa

T2: Nagsagawa ng wudu si Mary at pagkatapos ay isinuot ang mga medyas. Kung kailangan niyang muling magsagawa ng wudu, ano ang gagawin niya?

- a) Punasan niya ang kanyang mga medyas
- b) Lampasan na niya nang lubusan ang kanyang mga paa at mga medyas
- c) Punasan niya ang suwelang kanyang mga medyas

Ang Rituwal na Paligo (Ghusl)

Ano ito?

Ang ghusl ay kapag naligo ka nang may layuning gawin itong isang gawain ng pagsamba. Tinatawag itong “paligong rituwal” upang pag-ibahin ito sa karaniwang shower o paligo. Sa kabuuan isinasagawa ito matapos maganap ang sumusunod:

1. Ang pakikipagtalik

2. Anumang paglabas ng punlay gaya ng wet dream

3. Matapos ang isang pagreregla o pagdurugo matapos manganak

Papaanong magsasagawa ng ghusl?

Ganito isinasagawa ng Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ang kanyang ghusl:

1. Magsagawa ng layunin sa iyong puso na magsasagawa ka ng ghusl bilang isang gawain ng pagsamba para sa ikasisiya ni Allah.
2. Magsabi ng bismillāh (Sa ngalan ni Allah).⁹
3. Hugasan ang mga kamay.
4. Alisin ang anumang karumihan sa pamamagitan ng paghuhugas ng maselang bahagi ng katawan.
5. Magsagawa ng buong wudu gaya ng pagkakalarawan sa itaas.
6. Hugasan ang buhok nang 3 ulit.
7. Hugasan muna ang kanang bahagi ng katawan at pagkatapos ay ang kaliwang bahagi, gamit ang mga kamay para matiyak na umaabot ang tubig sa lahat ng bahagi ng katawan.
8. Hugasan ang mga paa.

Pansinin: Bagamat ang nabanggit sa itaas na 8 hakbang ay bumubuo sa itinatagubilang paraan ng pagsasagawa ng isang rituwal na paligo, kung kapos ka sa oras ang pinakapayak na minimum na kailangan mong gawin ay 2 bagay. Magsagawa ng layunin at tiyaking ang tubig ay umabot sa bawat bahagi ng katawan at buhok.

PAGSUSULIT

1. Kailangan mong magsagawa ng wudu para magsagawa ng pag-ikot sa paligid ng Ka`bah? Tama o Mali
2. Uunahin ang kanang paa sa pagpasok sa banyo? Tama o Mali
3. Sa wudu, huhugasan ang mga paa pagkatapos maghilamos? Tama o Mali
4. Sa wudu, ilang ulit ang ideyal na pagpupunas sa ibabaw ng ulo? 1, 2, 3
5. Kinakailangan ba ang ghusl matapos ang mahabang pagtatrabaho sa maghapon? Tama o Mali
6. Ang layunin ay isinagawa sa puso? Tama o Mali

KABANATA



**ANG PAGDARASAL
(SALAH)**

Ang Pagdarasal (Salah)

Ang pagdarasal ay ang ikalawang saligan ng Islam, at inilarawan ito ng Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) bilang pangunahing haligi ng relihiyon. Dahil sa kabuluhan at kahalagahan nito, mayroong maraming magkakaibang uri ng mga dasal, na ang ilan sa mga ito ay isinatungkulin at mga iba naman ay itinatagubilin. Sa e-aklat na ito, pagtutuunan natin ang mga isinatungkuling dasal. Ang pagdarasal ay medyo natatangi rin dahil naisasagawa ito sa kongregasyon o nang mag-isa. Sa muli, ang payak na pangunahing batayan ng kabanatang ito ay ang pagdarasal nang mag-isa.

Ang pagdarasal ay lubhang napakabuti at may dulot na maraming gantimpala. Ipinabatid sa atin ni Allah sa Qur'an na ang pagdarasal ay pumipigil sa kasamaan at kasalanan, at ito ay pinagkukunan ng kasiyahan at tulong para sa mananam-palataya. Ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi sa atin na ang isinatungkuling mga dasal ay nag-aalis ng lahat ng mga kasalanan sa pagitan ng magkasunod na mga dasal. Nagsabi rin ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya): "Isipin mong may isang ilog sa labas ng iyong bahay at naghuhugas ka rito limang ulit sa isang araw, may matitira pa bang dumi sa iyo? Sumagot ang mga Kasamahan na wala na. Sinabi niya na iyan ang halimbawa kung papaanong ang limang pang-araw-araw na pagdarasal ay nakaaalis ng mga kasalanan."

Ang 5 Isinatungkuling Pagdarasal

May 5 isinatungkuling pagdarasal na dinadasal ng mga Muslim araw araw:

1. **Fajr** – ang pangmadaling-araw na dasal (2 yunit na itinatagubiling pagdarasal, na sinusundan ng 2 yunit na isinatungkuling pagdarasal)

2. **Dhuhr** – ang pantanghaling dasal (2 tig-2 yunit na itinatagubiling pagdarasal, na sinusundan ng 4 yunit na isinatungkuling pagdarasal, na sinusundan ng 2 yunit na itinatagubiling pagdarasal)

3. **'Asr** – ang panghapong dasal (4 yunit na isinasatungkuling pagdarasal lamang)

4. **Maghrib** – ang pantakip-silim na dasal (3 yunit na isinatungkuling pagdarasal, na sinusundan ng 2 yunit na itinatagubiling pagdarasal)

5. **'Isha** – ang panggabing dasal (4 yunit na isinatungkuling pagdarasal, na sinusundan ng 2 yunit na itinatagubiling pagdarasal)

Ang bawat isa sa nabanggit sa itaas na pagdarasal maliban sa `Asr ay mayroon ding itinatagubiling pagdarasal na nakaugnay sa mga iyon. Bagamat hindi mo kailangang dasalin ang mga iyon, lubhang itinatagubilin na isagawa iyon, yayamang ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay nagpabatid sa atin na kapag isinasagawa natin iyon, gumagawa tayo para sa ating sarili ng isang bahay sa Paraiso.

T1: Ilagay sa tamang pagkakasunud-sunod ang sumusunod na mga dasal?

a) `Asr b) Dhuhr c) Fajr

T2: Aling dasal ang isinasagawa sa gabi bago matulog?

S: 'Isha b) Maghrib c) Fajr

T3: Ilang dasal ang mayroong 4 isinatungkuling yunit?

S: 3 dasal. Ang mga iyon ay ang Dhuhr, 'Asr, at 'Isha

Mga Kaasalan ng Pagdarasal

May ilang bagay na dapat tiyaking naisagawa bago simulan ang pagdarasal. Ang ilan sa mga ito ay mga kailangang isagawa at ang iba naman ay ang mga itinatagubiling isagawa.

Mga kailangang isagawa:

1. Kailangang nasa isang kalagayan ng kadalisyang rituwal. Pakatandaan na ang mga babae ay hindi maaaring magdasal sa panahon ng kanilang pagreregla at kapag may pagdurugo sila matapos manganak (post-natal bleeding).
2. Kailangang takpan nang maayos ang katawan. Para sa kalalakihan, nangangahulugan itong tatakpan ang mula sa pusod hanggang sa tuhod, at ang mga balikat. Para sa kababaihan, nangangahulugan itong tatakpan ang buong katawan maliban sa mga kamay at mukha.
3. Tiyaking ang oras ng naaangkop na dasal ay sumapit na, dahil kung hindi, ang dasal ay hindi tanggap.
4. Para sa mga dasal, kailangang humarap sa dako ng Makkah, na kilala rin sa tawag na qiblah. Malalaman mo ito sa pamamagitan ng paggamit ng kompas.

Itinatagubilin:

1. Ang magsuot ng malinis na mga kasuotan at magpabango, yayamang tatayo sa harap ng Panginoon.
2. Para sa kalalakihan, ang magdasal sa kongregasyon sa masjid.¹⁰

Isang Pagtatala ng mga Posisyon ng Dasal

Ang isang yunit ng salah ay kilala sa tawag na rak`ah, at kabilang dito ang posisyong patayo, pagyukod, pagtayo mula sa pagkakayukod, unang pagpapatirapa, pag-upo mula sa unang pagpapatirapa at ikalawang pagpapatirapa. Inilalahad sa ibaba ang isang pagtatala ng iba't ibang mga bahagi ng salah, upang mapag-aralan nang isa-isa ang bawat bahagi:

¹⁰ Bilto ay isa sa pinakamababang lubhang itinatagubili, at sa opinyon ng ilang pantas, isang tungkulin para sa kalalakihan. Alin man, dapat sikaping magdasal sa masjid nang madalas sa abot ng makakaya.

Posisyon 1: Pagtayo (qiyām)

Tandaan ang sumusunod:

1. Dapat tumayo na ang mga paa ay nakabuka sa karaniwang layo upang humanay sa katawan. Ang mga daliri ng paa ay dapat nakaharap sa dako ng qiblah.
2. Kapag inaangat ang mga kamay, ipantay sa tainga. Huwag lubusang pagdikitin ang mga daliri ni paglayuin nang labis. Panatilihin ang mga ito sa isang likas na posisyon.
3. Magsabi ni Allāhu Akbar (Si Allah ay pinakadakila).
4. Ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay at pulso.
5. Ilagay ang mga kamay sa bandang pitso.
6. Pinakamainam sa posisyong ito na yumuko na nakatingin sa kung saan didiit ang ulo sa sandali ng pagpapatirapa.
7. Huwag maguluhan sa pamamagitan ng pagtitingin-tingin sa kung saan-saan o hindi kinakailangang pagkikilos.
8. Kung ito ang unang yunit ng salah, bigkasin ang pambungad na panalangin (du`a`ulistiftāh).
9. Bigkasin ang unang kabanata ng Qur'an at ang anumang kabanata o mga talata ng Qur'an.

Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

Posisyon 2: Pagyukod (rukū`)

Tandaan ang sumusunod:

1. langat ang mga kamay nang pantay sa tainga.
2. Magsabi ng Allāhu Akbar (Si Allah ay pinakadakila).
3. Lumipat sa posisyong nakayukod.
4. Tiyaking ang likod ay tuwid sa abot ng makakaya.
5. Ilagay ang mga kamay sa mga tuhod, habang ang mga daliri ay nakahiwalay nang kaunti.
6. Pinakamainam sa posisyong ito na yumuko na nakatingin sa kung saan didiit ang ulo sa sandali ng pagpapatirapa.
7. Sambitin ang mga may kinalamang panalangin nang 3 ulit.

Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

Posisyon 3: Pagtayo mula sa Pagkakayukod

1. Habang inaangat ang likod mula sa posisyong nakayukod, iangat ang mga kamay nang pantay sa tainga at sabihin: Sami` Allāhu liman hamidah (Narinig ni Allah ang sinumang nagpuri sa Kanya).
2. Ibaba sa tagiliran ang mga kamay.
3. Sambitin ang mga may kinalamang panalangin.
4. Pinakamainam sa posisyong ito na yumuko na nakatingin sa kung saan didiit ang ulo sa sandali ng pagpapatirapa.

Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

Posisyon 4: Pagpapatirapa (sujud)

1. Magpatirapa at magsabi ng Allāhu Akbar.
2. Habang nakapatirapa, ang sumusunod na pitong bahagi ng katawan ay kailangang nakadiit sa lapag: ang noo, ang ilong, and dalawang palad, ang dalawang tuhod, ang mga daliri ng paa.
3. Kailangang tiyakin na ang ilong ay nakadiit sa lapag gayon din ang noo.
4. Ilagay ang mga palad sa lapag sa pagitan ng mga balikat at mga tainga. Ang mga bisigay nakahiwalay nang kaunti sa mga tagiliran ng katawan. Ang mga daliri ng kamay ay hindi magkakalayo ni lubusang magkakadikit.
5. Ang mga paa ay nakutukod kaya naman ang mga daliri ng paa ay lahat nakasayad sa lapag. Ang puwang sa pagitan ng mga paa ay dapat ang karaniwang puwang.
6. Sambitin ang mga may kinalamang panalangin .

Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

Posisyon 5: Pag-upo mula sa Unang Pagpapatirapa

Tandaan ang sumusunod:

1. Bumangon mula sa pagkakapatirapa at lumipat sa posisyong nakaupo, at magsabi ng Allāhu Akbar.
2. Umupo na ang kaliwang paa nasa ilalim ng pigi, at ang kanang paa ay ipinantutukod ang mga daliri nito.
3. Ang dalawang kamay ay dapat nakapatong sa mga dulo ng mga hita.
4. Sambitin ang mga may kinalamang panalangin. Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

Posisyon 6: Ikalawang Pagpapatirapa

Para sa ikalawang pagpapatirapa, gawin mo ang katulad sa ginawa mo sa unang pagpapatirapa. Pakatandaan na sa bawat yunit ng salah ay mayroong dalawang pagpapatirapa. Nalubos mo na ang isang buong yunit (rak`ah) ng salah. Para tumayo para sa kasunod na yunit, bumangon mula sa ikalawang pagpapatirapa at magsabi ng Allāhu Akbar.

Posisyon 7: Ang Tashahhud

Tashahhud ang pangalang ipinantawag sa posisyong nakaupo bago matapos ang salah, o ang posisyong nakaupo matapos ang dalawang yunit ng 3 o 4 yunit na salah.

Tandaan ang sumusunod:

1. Kung ang salah ay may 2 yunit lamang, mayroon lamang isang tashahhud. Kung mayroong 3 o 4 yunit sa salah, mayroong dalawang tashahhud sa salah, isang maikli matapos ang unang dalawang yunit, na kilala sa tawag na unang tashahhud , at isang higit na mahaba at huling rak`ah na kilala sa tawag na pangwakas na tashahhud .
2. Para sa unang tashahhud, maupo ng gaya sa Posisyon 5 nabanggit sa itaas.

4. Sa Posisyong ito, dapat na nakatingin sa hintuturo.
5. Sambitin ang mga may kinalamang panalangin.
6. Para sa pangwakas na tashahhud , ulitin ang mga hakbang 2 hanggang 4.
7. Sambitin ang mga may kinalamang panalangin.

Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

Posisyon 8: Pagtapos sa Salah (Taslim)

MGA MADALAS ITANONG

1. Matapos tapusin ang pangwakas na tashahhud .
2. Ibaling ang ulo sa kanan habang nagsasabi ng Assalāmu `alaykum wa rahmatullāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allah).
3. Ibaling ang ulo sa kaliwa habang nagsasabi ng Assalāmu `alaykum wa rahmatullāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allah).

Panoorin ang pagtuturong nasa video at mag-ensayo sa harap ng salamin, o hilinging panoorin.

T: Kailangan bang nagkakasunud-sunod ang mga posisyon ng salah?

S: Oo, kailangang isagawa sa tamang pagkakasunud-sunod ang mga posisyon.

T: Papaano kung may isang posisyong nakalimutan?

S: Kailangan talagang balikan ang posisyon na nakaligtaan at magpatuloy mula roon. Sa katapusan ng dasal, gagawa ng karagdagang pagpapatirapa na tinatawag na “pagpapatirapa ng pagkaligta.” Para sa karagdagang impormasyon hinggil dito, pumindot dito.¹¹

¹¹ Pagpapatirapa ng Pagkaligta:
Papaanong isinasagawa ito:
Sa katapusan ng salah matapos big-
kasin ang lahat ng mga panalangin
para sa pangwakas na tashahhud,
magsagawa ng dalawang
pagpapatirapa, na sa kabuuan ay
inuulit ang mga posisyon 4, 5 at 6.
Hahantong sa posisyong nakaupo at
tatapusin ang salah sa posisyon 8.

T: Matatagalan pang matutunan ang lahat ng mga panalangin, ano ang gagawin ko sa pansamantala?

Kabanata 2

Ang Pagdarasal (Salah)

S: Dapat mong matutunan ang mga panalangin sa wikang Arabe sa lalong madaling panahon. Gayon pa man, sa simula ay maaari mong masabi ang mga simpleng panalanging gaya ng `Allāhu Akbar at Subhān Allah, ngunit kaalinsabay nito ay kailangan mong magsagawa ng seryosong pagsisikap na matutunan ang buong mga panalangin.

Lubos na Paglalarawan ng Pagsasagawa ng Salah

Ito ay isang buod ng isang lubos na paglalarawan ng pagsasagawa ng salah. Para sa karagdagan sa bawat posisyon, sumangguni sa may kinalamang bahagi sa itaas. Sundin ang mga hakbang na ito para magsagawa ng salah:

1. Kailangang nasa isang kalagayan na ng kadalisayan, nakasuot ng malilinis na kasuutan, at nagdarasal sa isang malinis na lapag at nakaharap sa dako ng Makkah (qiblah).
2. Isapuso ang layunin ng isasagawang salah.
3. Langat ang mga kamay nang pantay sa tainga habang nagsasabi ng Allāhu Akbar at ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay na nasa pitso. Ang salah aynagsimula na.
4. Isagawa ang pambungad na panalangin (du`ā`ulistiftah).
5. Bigkasin ang unang kabanata ng Qur'an (Surah al-Fatihah), at pagkatapos ay isa pang kabanata o mga talata ng Qur'an na naiibigan.
6. Langat ang mga kamay nang pantay sa mga tainga habang nagsasabi ng Allāhu Akbar, at pagkatapos ay magpatirapa.
7. Bigkasin nang 3 ulit ang panalangin ng pagyukod.

Ang mga pagpapatirapa ng pagkaligta ay isinasagawa bago tapusin ang salah para sa mga senaryo 1 at 2 sa ibaba, at matapos tapusin ang salah para sa senaryo 3 sa ibaba.

Kailan isasagawa ito?

Mayroong 3 dahilan na gagawin ito.

1 May nakaligtaan: Sa kasong ito, balikan ang nakaligtaang posisyon at magpatuloy mula roon. Sa katapusan, gawin ang mga pagpapatirapang nabanggit sa itaas.

2 Hindi tiyak kung ilang yunit ang naisagawa. Sa kasong ito, ibatay ito sa minimum na bilang na natitiyak, at idagdag sa mga pagpapatirapang nabanggit sa itaas sa katapusan ng salah.

3 May naidagdag na kalabisan. Kung may naidagdag, gaya ng pagtayo para sa karagdagang rak'ah ng salah, kailangang isagawa ang posisyon 7 kaagad-agad. Pagkatapos ay isagawa ang mga pagpapatirapa gaya ng nabanggit sa itaas. Panoorin ang pag-tuturo sa video.

8. Tumindig muli, iangat ang mga kamay nang pantay sa tainga at magsabi ng Sami` Allāhu liman hamidah (Narinig ni Allah ang sinumang nagpuri sa Kanya) at Ibaba satagiliran ang mga kamay.
9. Sambitin ang panalangin para sa posisyong ito.
10. Magsabi ng Allāhu Akbar at magpatirapa.
11. Sambitin nang 3 ulit ang panalangin para sa pagkapatirapa.
12. Umangat at manatili sa posisyong paupo habang nagsasabi ng Allāhu Akbar.
13. Sambitin ang panalangin para sa posisyong ito.
14. Muling magpatirapa sa ikalawang pagkakataon habang nagsasabi ng Allāhu Akbar.
15. Sambitin nang 3 ulit ang panalangin para sa pagkapatirapa.
16. Tumindig muli para sa ikalawang yunit habang nagsasabi ng Allāhu Akbar.
17. Ulitin ang mga hakbang 5 hanggang 15 muli.
18. Matapos ang ikalawang yunit, umangat muli sa pagkakapatirapa at maupo habang nagsasabi ng Allāhu Akbar.
19. Sambitin ang mga panalangin para sa posisyong tashahhud .
20. Kung ang salah ay may higit sa 2 yunit, tatayong muli at uulitin ang natitirang bilang ng mga yunit.
21. Kapag naupo na sa pangwakas na bahagi, matapos malubos ang lahat ng mga yunit ng salah na iyon, bigkasin ang lahat ng mga panalangin para sa posisyong tashahhud .
22. Sa wakas, Ibaling ang ulo sa kanan habang nagsasabi ng Assalāmu `alaykum wa rahmatullāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allah), at pagkatapos ay ibaling ang ulo sa kaliwa habang nagsasabi ng Assalāmu `alaykum wa rahmatullāh.
23. Ang salah ay kumpleto na.

Pakatandaan: May mga panalanging dapat matutunan at bigkasin pagkatapos ng mga isinatungkuling salah. Pag-aralan ito kapag makakaya.

Panoorin ang aralin sa video.

T1: Ang salah ay nagsisimula sa Allāhu Akbar at nagtatapos sa Assalāmu `alaykum wa rahmatullāh? Tama o Mali

T2: Sa salah, nagpapatirapa muna bago yumukod? Tama o Mali

T3: Ang isang yunit ng salah ay nagsisimula mula sa posisyong nakatayo hanggang sa at kasama ang ikalawang pagkakapatirapa? Tama o Mali

T4: Mayroong isang tashahhud lamang sa 4 yunit na salah? Tama o Mali

Salah sa Konggregasyon (Jama'ah)

Lubhang itinatagubilin para sa kalalakihan na dasalin ang kanilang pang-araw-araw na isinatungkulin na salah sa masjid sa konggregasyon. Para sa kalalakihan, ang pagdarasal sa konggregasyon ay 25 ulit ang gantimpala. Ipinahihintulot din ito sa kababaihan din. Mayroong mga pagkakaiba kapag nagdasal sa konggregasyon kaysa kapag nagdasal nang mag-isa.

Ang mga pagkakaiba sa pagitan ng pagdarasal nang mag-isa at sa konggregasyon:

1. Bago simulan ang bawat salah sa konggregasyon, may magsasagawa ng isang panawagan para sa salah, na tinatawag na adhān.
2. Sa mga salah sa konggregasyon, sinusunod ng bawat isa ang pangunguna ng isang tao, na tinatawag na imām.
3. Para sa mga salah na Fajr, Maghrib, a `Isha, binibigkas nang malakas ng imām sa unang 2 yunit ng salah ang unang kabanata ng Qur'an at ibang mga talata ng Qur'an na pinili niya.
4. Kung binigkas nang malakas ng imām ang unang kabanata ng Qur'an, kapag natapos ito, magsasabi nang malakas ng āmīn ang bawat isa sa konggregasyon.
5. Sa salah sa konggregasyon, matapos bigkasin ng imām ang unang kabanata ng Qur'an, dapat bigkasin uli nang tahimik ng nagdarasal ang unang kabanata ng Qur'an nang mabilis sa abot ng makakaya.

6. Sa kongregasyon, tatayo nang balikat sa balikat kasama ng kapwa mga Muslim. Ang kalalakihan at ang kababaihan ay magkahiwalay: ang kalalakihan ay nagdarasal sa harapan at ang kababaihan ay nasa likuran o nasa isang hiwalay na silid.

Ang Salah sa Biyernes

Isang beses sa isang linggo sa araw ng Biyernes, ang salah sa Dhuhur ay pinapalitan ng salah sa Biyernes na kilala bilang Jum`ah. Ang salah na ito ay tungkulin para sa lahat ng mga lalaking Muslim na nasa tamang gulang at kailangan itong isagawa sa kongregasyon. Itinatagubiling maligo sa araw na ito, magsuot ng malinis na kasuotan, at magpabango.¹²

Itinatagubilin din na dumating nang maaga para sa salah. Ang salah sa Biyernes ay binubuo ng sermon at 2 yunit na salah.

Ganito ang pagsasagawa ng salah sa Biyernes:

1. Ang imām ay aakyat sa pulpito at babati sa kongregasyon.
2. Ang adhān ay ipananawagan.
3. Ang imām ay magbibigay ng sermon na dalawang bahagi na magtatagal ng mula sa 15 hanggang sa 30 minuto sa karaniwan. Ang dalawang bahagi ng sermon ay hinahati sa pamamagitan ng saglit na pag-upo sa imām sa pulpito.¹³
4. Matapos niyang makumpleto ang sermon, bababa ang imām, at tatayo ang mga tao para sa salah sa kongregasyon.
5. Ang imām ay mamumuno sa 2 yunit na salah, na bibigkasin niya nang malakas.
6. Matapos ang salah, ang salah sa Biyernes ay kumpleto na.

¹² Pakatandaan na ang kababaihan ay hindi dapat magpabango kapag dadalo sila salah sa kongregasyon o sa Biyernes.

¹³ Pakatandaan na sa sandali ng sermon ay hindi ka maaaring magsalita o maglilikit nang walang katuturan. Sa halip sisikapin mo nang lubos na making at makinabang sa sermon.

PAGSUSULIT

1: Aling salah ang may kasamang imām na nagbibigay ng sermon?

a: salah sa Jum'ah b: salah sa `Asr c: salah sa Fajr

2: May ilang yunit sa salah sa Maghrib?

a: 2 b: 3 c: 4

3: Ano ang pangalan ng posisyong paupo bago magtapos ang salah?

a: Ruku` b: Tashahhud c: Sujud

4: Alin sa mga salah na ito ang unang isasagawa mo sa umaga?

a: Fajr b: `Asr c: `Isha

5: Aling kabanata ng Qur'an ang kailangan mong bigkasin sa bawat yunit ng salah?

a: Ikhlas b: Fatihah c: Nas

KABANATA



ISINATUNGKULING KAWANGGAWA (ZAKAH)

Isinatungkuling Kawanggawa (Zakah)

Kabanata 3

Isinatungkuling Kawanggawa (Zakah)

Ang zakah o ang isinatungkuling kawanggawa ay ang ikatlong haligi ng Islam. Ito ang aspeto ng ating relihiyon na nagbibigay-diin sa ating pananagutang panlipunan sa pamamagitan ng pagtulong sa mahihirap, mga nangangailangan at hindi gaanong pinalad. Bagamat ang kawanggawa ay may malawak na kahulugan sa Islam at hinihimok sa lahat ng sandali, maging anumang halaga, mayroong isang taunang uri ng isinatungkuling kawanggawa na iniatang sa mga may kakayahang pampananalapi. Ang zakah ay hindi lamang nagsisilbing isang pamamaraan ng pagdadalisay ng ating yaman, ito rin ay nakalulugod kay Allah at isang paraan ng pagpapakita ng pakikiramay sa ating mga kapatid na hindi gaanong pinalad.

Pinupuri ni Allah ang mga nagbibigay ng zakah sa maraming bahagi ng Qur'an, at sinasabi Niya na pararamihin Niya ang mga bunga ng kanilang kawanggawa. Ipinabatid sa atin ng Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) na ang kawanggawa ay magiging ulap na lilim sa mga mananampalataya sa Araw ng Paghuhukom. Ito ay isa sa mga paraan sa pagtamo ng kaligtasan mula sa Impiyerno at ito ay nakahahadlang sa kasamaan. Kahit ang isang maliit na halaga, kung ibinigay nang taus-puso, ay mabigat sa timbangan ng mabubuting gawa. Ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: "Nadaig ng isang dirham ang isang libong dirham. Sinabi: Papaano iyon, o Sugo ni Allah? Kaya sinabi niya: May isang lalaking may dalawang dirham, ibig sabihin ay wala na siyang iba pang minamay-ari, at ikinawanggawa niya ang isa sa dalawa. May isang lalaking lubhang mayaman at nagbigay lamang ng isang libong dirham mula sa malaking yaman niya."¹⁴

¹⁴ Ang dirham ay (pilak na) pera noong panahon ng Propeta

Kailan ipinapataw ang Zakah?

Ang Zakah ay ibinibigay kapag ang dalawang kundisyon ay natugunan?

1. Ang isang taon sa kalendaryo ng Islam ay lumipas na yayamang ang Zakah ay ipinapataw lamang minsan sa isang taon.
2. Nagtataglay ng isang minimum na halaga ng yaman para matiyak na may kakayahang magbigay.

Anong yaman ang pinapatawan ng Zakah?

Ang Zakah ay ipinapataw sa sumusunod na mga uri ng yaman:

1. Ginto at Pilak
2. Pera
3. Stock sa Kumpanya o Paninda
4. Hayupan¹⁵
5. Mga Produktong Pansakahan¹⁶

Tatalakayin natin ang unang 3 kategorya sa aklat na ito, yayamang ang mga ito ang mga uri ng yaman na malamang na inaari.

Ginto & Pilak

Upang mapatawan ng Zakah ang ginto at ang pilak:

1. Kinakailangang magmay-ari ng 85 gramo o higit pa ng ginto.¹⁷
2. Kinakailangang magmay-ari ng 595 gramo o higit pa ng pilak.
3. Maaaring ito ay nasa anyong bara, alahas, o iba pang mga anyo.
4. Nalipasan ito ng isang taon ng kalendaryo ng Islam .

Kung mayroon ng nabanggit sa itaas, kailangang magbigay ng 2.5% ng halaga ng ginto at/o pilak na minamay-ari.

¹⁵ Tumutukoy sa mga kamelyo, mga baka, mga kambing, at mga tupa.

¹⁶ Tumutukoy sa datiles (dates), barley, trigo, mga butil, at iba pa.

¹⁷ Ang halaga ng ginto at pilak ay nagbabago sa bawat araw. Ang pinakamadaling paraan para matiyak ang halaga ng ginto at pilak na pinapatawan ng zakah ay sumangguni sa zakah calculator.

Pera

Upang mapatawan ng Zakah ang pera:

1. Umabot ito sa minimum na halagang pinapatawan ng Zakah.¹⁸
2. Kabilang dito ang cash at mga deposito sa bangko.
3. Nalipasan ito ng isang taon ng kalendaryo ng Islam.

Kung mayroon ng nabanggit sa itaas, kailangang magbigay ng 2.5% ng halaga ng pera na minamay-ari.

Stock sa Kumpanya o Paninda

Upang mapatawan ng Zakah ang stock sa kumpanya o paninda:

1. Kapag nalipasan ng isang taon ng kalendaryo ng Islam, tayain ang halaga ng stock sa kumpanya o paninda.
2. Tiyakin na ang halaga ng stock ay umabot sa minimum na halagang pinapatawan ng Zakah.

Kung mayroon ng nabanggit sa itaas, kailangang magbigay ng 2.5% ng halaga ng stock na minamay-ari.

MGA MADALAS ITANONG

1: Pinapatawan ba ng Zakah ang aking bahay, kotse, laptop, at iba pa.

S: Hindi. Ang Zakah ay ipinapataw lamang sa mga uri ng yamang nabanggit sa itaas.

2: Nagbibigay naman ako ng maraming kawanggawa, kailangan ko pa bang magbigay ng Zakah?

S: Oo. Ang iyong ibang mga kawanggawa ay hindi makahahalili sa Zakah.

¹⁸ Ang salapi ay nakabatay sa pamantayang ginto o pilak at nagkakaiba ang isang salapi sa ibang salapi. Ang halaga ng ginto at pilak ay nagbabago rin sa araw-araw. Ang pinakamadaling paraan sa pag-alam sa minimum na halaga ng perang minamay-ari bago mapatawan ng zakah ay sumangguni sa isang zakah calculator.

3: Kailangan bang nasa isang takdang edad ka para magbigay ng Zakah?

S: Hindi. Hanggat ang yaman ay higit sa minimum na halaga, ang Zakah ay ipinapataw. Para sa yaman ng mga bata, ang pagbibigay ng Zakah bilang kinatawan nila ay pananagutan ng mga tagapagtaguyod nila.

4: Ang minimum na halaga para sa ginto at pilak ay magkaiba. Maaari ko bang paghaluin ang dalawa para punan ang anumang pagkakaiba?

S: Hindi. Ang ginto at ang pilak ay tinatayang magkahiwalay.

Praktikal na Pamamaraan ng Pagbibigay ng Zakah

1. Pumili ng isang petsa sa kalendaryo ng Islam na magsisilbing araw ng pagbibigay ng iyong Zakah. Halimbawa ang unang araw ng Ramadan.
2. Makalipas ang isang taon ng kalendaryo ng Islam, tayain ang halaga ng ginto, pilak, at pera na tinataglay. Gayon din ang gawin para sa stock ng kumpanya o paninda kung naaangkop ito.
3. Gumamit ng Zakah calculator para makatulong sa pagtataya sa halagang ipapataw.
4. Ibigay ang halagang ipinapataw bilang Zakah sa lalong madaling panahon.
5. Gumamit ng isang institusyong pangkawanggawa na may reputasyon at rehistrado para maipamahagi ang perang Zakah.
6. Ulitin ang mismong proseso sa mismong petsa sa bawat taon.

Panoorin kung papaanong ginagamit ang isang Zakah calculator at gawin ito.

Kanino ibinibigay ang Zakah?

Mayroong 8 uri ng mga tao na karapat-dapat tumanggap ng Zakah. Ang pinakakaraniwan ay ang mahihirap at ang mga kinakapos.

Sa pagbibigay ng pera sa isang institusyong pangkawanggawa na may reputasyon at rehistrado, makatitiyak na makararating ito sa mga karapat-dapat tumanggap.

MGA MADALAS ITANONG

Kabanata 3

Isinatungkuling Kawanggawa (Zakah)

1: Ano ang mangyayari kung wala akong sapat na pera na aabot sa minimum na halaga?

S: Hindi ka papatawan ng Zakah para sa taong iyon ng kalendaryo ng Islam. Kailangan mong muling tayain ito sa darating na taon.

2: Maaari ko bang ibigay ang aking Zakah sa mahihirap na kapa milya?

S: Oo hanggat sila ay hindi mo pananagutan (dependent) gaya ng mga magulang, mga anak, at asawa. Ang maybahay ay maaaring magbigay sa kanyang asawa dahil ang asawa ay hingi dependent ng maybahay.

3: Kailangan bang ang mga tatanggap ay Muslim?

S: Oo. Bagamat maaari kang magbigay ng ibang kawanggawa para sa mga hindi Muslim din.

Zakah al-Fitr

Mayroong isa pang uri ng isinatungkuling kawanggawa na ipinapataw. Ito ay kilala sa tawag na Zakat al-Fitr at ito ay ibinibigay sa katapusan ng Ramadan sa mahihirap at mga nangangailangan.

1. Ang uring ito ng Zakah ay isinatungkulin sa lahat ng mga Muslim, lalaki at bae, matanda at bata, maliban doon sa mga may suliraning pampananalapi.

2. Ibibigay ito ng namumuno sa pamilya alang-alang sa lahat ng mga kaanib ng pamilya.

3. Ibinibigay ito sa huling dalawa o tatlong araw ng Ramadan upang makarating ito sa mahihirap at mga nangangailangan bago magtapos ang buwan ng Ramadan.

4. Ang kawanggawa na ibinigay sa mahihirap at mga nangangailangan ay mga 2.5 kilo ng pagkain (kadalasang bigas sa Pilipinas).

5. Maaaring magbigay ng pera sa isang institusyong pangkawanggawa na bibili para sa nagbigay ng pagkain at ipamamahagi ito.

PAGSUSULIT

Kabanata 3

Isinatungkuling Kawanggawa (Zakah)

1: Alin sa mga ito ang hindi pinapatawan ng Zakah?

S: pera b: kotse c: ginto

2: Gaano kadalas ipinapataw ang Zakah?

S: buwanan b: tuwing tatlong buwan c: taunan

3: Ano ang minimum na dami ng ginto ang kinakailangan upang mapatawan ng Zakah?

S: 85 gramo b: 595 gramo c: 1500 gramo

4: Maaari ko bang ibigay ang Zakah sa aking ina?

Tama o Mali

5: Ang Zakah ay hindi ang nag-iisang uri ng kawanggawa sa Islam; mayroon din bang hindi isinasatungkuling mga anyo ng kawanggawa?

Tama o Mali

KABANATA



**PAG-AAYUNO
(SAWN)**

Pag-aayuno (Sawm)

Ang pag-aayuno ay ang ikaapat na saligan ng Islam. Gaya ng salah at Zakah, mayroong isinatungkulin at hindi isinatungkuling anyo ng pag-aayuno. Ang isinatungkuling anyo ang pagtutuunan natin sa kabanatang ito; iyon ay ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan. Mayroong maraming pakinabang ang pag-aayuno. Kabilang sa mga ito ang pagtulong sa pagkakaroon ng disiplina sa sarili at pagsasanay sa pagpigil sa mga hilig ng laman. Nauudyukan tayong makiramay sa mga kadalasang nagugutom o nauuhaw. Dahil doon ang amoy na namumutawi sa bibig ng isang nag-aayuno ay higit na kaibig-ibig kay Allah kaysa sa amoy ng pabangong musk.

Maraming kabutihan ang pag-aayuno. Kabilang sa mga ito ang pangangalaga sa tao laban sa Impiyerno. Ito ay nagsisilbing paraan sa pagbabayad sa ating mga kasalanan at mamagitan ito sa Araw ng Paghuhukom alang-alang sa mga nag-aayuno. Ang isa sa mga pintuan ng Paraiso ay inilaan lamang para sa mga nag-aayuno, at tinatawag ito na Rayyān. Ang Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: “Ang bawat magandang gawa ay ginagantimpalaan ng mula sa sampo hanggang sa pitong daang ulit. Sinabi ni Allah: ‘Maliban sa pag-aayuno sapagkat ito ay para sa Akin lamang, kaya gagantimpalaan Ko.’”

Ano ang Ramadan?

Ang Ramadan ay ang ika-9 na buwan sa kalendaryo ng Islam. Yayamang ang kalendaryo ng Islam ay kalendaryong lunar (nakabatay sa pag-inog ng buwan), ang simula at ang wakas ng bawat buwan ay nakabatay sa paglitaw ng bagong buwan. Kaya naman ang isang buwan ay maaaring 29 o 30 araw. Ang kalendaryong lunar ay umuurong ng mga 11 araw sa bawat taon, kaya ang Ramadan sa paglipas ay lilipat sa pagitan ng mga buwan ng tag-init at mga buwan ng taglamig.

Kanino Isinatungkulin ang Pag-aayuno?

1. Ang pag-aayuno ay isinatungkulin para sa lahat ng mga Muslim na tumuntong na sa pagbibinata at pagdadalaga at matino ang pag-iisip.
2. Ang mga babaeng nasa sandali ng pagreregla o pagdurugo matapos magsilang ay hindi pinahihintulatang maga-ayuno, sa Ramadan man o sa hindi Ramadan. Sa halip, pag-aayunuhan pagkatapos ng Ramadan ang mga araw na hindi napag-aayunuhan.
3. May mga kaluwagan din para sa mga naglalakbay o nagkasakit dahil maaari nilang itigil ang pag-aayuno sa mga araw ng paglalakbay o pagkakasakit, at pag-aayunuhan pagkatapos ng Ramadan ang mga araw na hindi napag-aayunuhan.

Ilang oras sa isang araw nag-aayuno?

1. Ang pag-aayuno ay nagsisimula sa simula ng madaling-araw.
2. Ang pag-aayuno ay nagtatapos sa paglubog ng araw.

Ano ang maaari at ang hindi maaaring gawin habang nag-aayuno?

1. Sa bawat gabi, kailangang isapuso ang layuning mag-aayuno kinabukasan.
2. Itinatagubiling gumising bago magmadaling-araw bago ang Fajr at kumain at uminom ng anuman upang magkaroon ng lakas na mag-ayuno sa araw na iyon.¹⁹
3. Sa mga oras ng pag-aayuno, hindi ipinahihintulot na kumain o uminom ng anuman.
4. Sa mga oras ng pag-aayuno, hindi ipinahihintulot ang pakikipagtalik, o anumang nauuwi sa paglabas ng punlay.
5. Sa paglubog ng araw, itinitigil ang pag-aayuno sa lalong magaling na paraan sa pamamagitan ng pagkain ng datiles (dates), at kung wala ay tubig.²⁰

¹⁹ Sa wikang Arabe, kilala ito sa tawag na shūr

²⁰ Sa wikang Arabe, kilala ito sa tawag na iftār

Kanino Isinatungkulin ang Pag-aayuno?

6. Ang bawat aktibidad ay dapat magpatuloy nang normal sa abot ng makakaya.
7. Mayroon ding natatanging panggabing salah na isinasagawa sa buong Ramadan sa kongregasyon.²¹

MGA MADALAS ITANONG

- 1: Maaari ko bang gawin ang mga karaniwang bagay gaya ng paligo at pagpapabango habang nag-aayuno?
S: Oo, hanggat ang mga punto 3 at 4 ng maaari at hindi maaaring gawin na nabanggit sa itaas ay nasusunod, ang lahat ng iba pa ay pinahihintulot.

- 2: Puwede ba akong magpatak ng gamot sa mata o sa tainga, magpabakuna, gumamit ng asthma inhaler, at iba pa?
S: Oo. Ang tanging bagay na hindi ipinahihintulot ay ang anumang uri ng itinuturok o ipinapatak na nagdudulot ng sustansiya.

- 3: Maaari ba akong magsipilyo ng ngipin?
S: Oo, at mag-ingat kang makalunok ng anuman habang nagsisipilyo yayamang nakasisira iyon ng pag-aayuno.

- 4: Maaari ko bang halikan ang asawa ko habang nag-aayuno?
S: Oo, hanggat hindi iyon humantong sa pagkapukaw ng pagnanasang seksuwal.

²¹ Ito ay itnatawaga na tarāwih na salah. Ito ay kusang-loob ngunit lubhang itinatagubiling salah na isinasagawa gabi-gabi sa masjid. Binubuo ito ng ilang tig-2 yunit na salah na isinasagawa sa kongregasyon, na binibigkas nang malakas ng imām ang mga talata ng Qur'an.

PAGSUSULIT

Kabanata 4 Pag-aayuno (Sawm)

1: Magmula sa anong salah hanggang sa anong salah tayo nag-aayuno?

S: Fajr hanggang Dhuhr b: Fajr hanggang `Asr c: Fajr hanggang Maghrib

2: Kailan ginagawa ang layunin para sa pag-aayuno?

S: sa gabi bago ang pag-aayuno b: sa umaga c: pagkatapos ng Maghrib

3: Ang mga babae bang nasa sandali ng pagreregla ay maaaring mag-ayuno?

Tama o Mali

4: Ipinahihintulot bang gumamit ng eye drop habang nag-aayuno?

Tama o Mali

5: Kung naglalakbay ka sa Ramadan, maaari ka bang tumigil mag-ayuno at pag-ayunuhan ang mga iyon pagkatapos ng Ramadan?

Tama o Mali

KABANATA



PEREGRINASYON

Peregrinasyon

Ang peregrinasyon (pilgrimage) ay isang tungkulin pang-isang beses sa tanang buhay para sa mga makakayang isagawa ito, bagamat ang mga opsyonal na peregrinasyon ay maaari ring isagawa pagkatapos. Ang peregrinasyon ay ang ikalimang saligan ng Islam. Ito ay isang paglalakbay na isinasagawa papunta sa unang Bahay ni Allah na itinayo sa Lupa, bilang pagpapakita ng katapatan kay Allah. Ang mga nagsasagawa ng peregrinasyon ay kilala bilang mga panauhin ni Allah. Kabilang sa mga kalamangan ng peregrinasyon ay na isa ito sa mga pinakamainam na gawaing nagagawa ng isang tao. Ang gantimpala ng isang tanggap na peregrinasyon ay hindi bababa sa Paraiso, at nahuhugasan nito ang lahat ng mga kasalanan.

Mga Uri ng Pag-aayuno

Mayroong 2 uri ng pag-aayuno:

1. Ang maliit na peregrinasyon ('Umrah) – maisasagawa ito sa anumang araw ng taon.
2. Ang malaking peregrinasyon (Hajj) – maisasagawa ito sa pagitan ng ika-8 at ika-13 ng Dhul-Hijjah ²²ng bawat taon.

Ang dalawang uring ito ay isinasatungkuling isagawa isang beses sa tanang buhay. Mangyaring pakatandaang maaaring isagawa ang dalawang anyo ng peregrinasyon nang magkasama sa isang paglalakbay sa panahon ng Hajj time, o nang magkahiwalay.

Saan Isinasagawa ang Peregrinasyon?

Ang peregrinasyon ay isinasagawa sa lungsod ng Makkah sa Saudi Arabia. Ang maliit na peregrinasyon ay isinasagawa lamang sa Banal na Masjid sa Makkah. Kabilang sa pinagsasagawaan ng malaking peregrinasyon ang iba pang mga banal na pook sa lungsod ng Makkah.²³

²² Ang Dhul-Hijjah ay ang ika-12 at ang panghuling buwan sa Kalendar-yo ng Islam.

²³ Ang iba pang mga banal na pook na ito ay ang Minā, ang Muzdalifah, at ang Arafah. Ipasok ang mga larawan at ang mga mapa.

Kanino Isinatungkulin ang Peregrinasyon?

Ang peregrinasyon ay isinatungkulin sa lahat ng mga Muslim na tumuntong sa pagbibinata o pagdadalaga na may kakayahang isagawa iyon. Ang kakayahan ay nakabatay sa dalawang bagay:

1. Kakayahang pangkatawan – yayamang ang peregrinasyon ay maaaring maging mahirap sa katawan, kailangang may kakayahang pangkatawan. Samakatuwid, ang mahina, ang may kapansanan, at ang taong may karamdamang walang kagalingan ay hindi na kailangang magsagawa ng peregrinasyon.
2. Kakayahang pampananalapi – ang isang tao ay kailangang mayroong kinakailangang gagastusin para maglakbay at manatili sa mga pook na pinagsasagawaan ng peregrinasyon.

Ang Maliit na Peregrinasyon (‘Umrah)

Heto ang pangunahing paglalarawan ng pagsasagawa ng maliit na peregrinasyon:

1. Sa pagsasagawa ng maliit na peregrinasyon, kailangang pumasok sa isang banal na kalagayan na tinatawag na ihrām.²⁴
2. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagbigkas ng layunin sa isang lugar na kilala sa tawag na miqat.²⁵
3. Pag dating sa Makkah at kapag naibaba na ang mga dala-dalahan, pupunta sa Banal na Masjid.
4. Ang unang gawain ng ‘Umrah ay ang pag-ikot sa paligid ng Ka`bah nang 7 ulit. Ito ay tinatawag na Tawāf.

²⁴ Ang Ihrām ay ang kalagayang binibigkas ang layuning magsagawa ng peregrinasyon. Kapag ginawa iyon, ang mga sumusunod na gawain ay hindi na ipinahihintulot hanggang sa mabuo ang peregrinasyon:

Sa kapuwa kalalakihan at kababaihan:

Walang pag-aalis ng buhok o pagpuputol ng kuko. Walang pagtatalik o anumang gawaing panimula ng pagtatalik. Walang pagpapabango o paggamit ng mabangong produkto. Para sa kalalakihan:

Walang pagsusuot ng karaniwang kasuutan kabilang na ang sapatos at ang isinusuot sa ulo.

Para sa kababaihan: Makapagsusuot sila ng karaniwang kasuutan ngunit hindi maaaring magsuot ng guwantes o belo sa mukha.

²⁵ Ang Mayoong limang miqat.

5. Sa umaga ng ika-10 ay bumalik sa Mina, kung saan babatuhin ang malaking haligi lamang, mag-aalay ng alay na hayop, mag-aahit ng buhok sa ulo o magpapaputol ng buhok, at mula roon pupunta sa Banal na Masjid para magsagawa ng pag-ikot sa paligid ng Ka`bah nang 7 ulit, at maglakad sa pagitan ng Safa at Marwah nang 7 ulit.
6. Para sa ika-11, ika-12, at ika-13 araw, mananatili ka sa Mina, babatuhin ang bawat isa sa tatlong haligi araw-araw.
7. Babalik sa Banal na Masjid para magsagawa ng isang pangwakas na 7 pag-ikot sa paligid ng Ka`bah.
8. Ang malaking peregrinasyon ay kumpleto na.

Panoorin ang aralin tungkol sa Hajj

PAGSUSULIT

1: Ang maliit na peregrinasyon ay maaaring isagawa sa isang tanging panahon ng taon?

Tama o Mali

2: Kailangan mo lamang isagawa ang Hajj kung mayroon kang kakayahang pangkatawan at pampananalapi?

Tama o Mali

3: Ang peregrinasyon ay isinasagawa sa Malaking Masjid ng Cairo, Ehipto?

Tama o Mali

4: Ilang ulit iikot sa paligid ng Ka`bah?

S: 5 b: 6 c: 7

5: Ano ang mga pangalan ng dalawang burol na lumalakad sa pagitan ng mga ito ang nagsasagawa ng Sa`y?

S: Safa & Marwah

b: Ben Nevis & Elbrus

c: Everest & Kilimanjaro

Pagdadalisay

Talaarawan ni Sarah

Sabado ika-28 ng Pebrero 2015

Isang buong buwan na akong naging Muslim. Nagpupuri at nagpapasalamat ako kay Allah araw-araw sa pagkapatnubay sa akin sa Islam. Napagtanto ko na lubha akong pinagpala sa pagiging isang Muslim at sumasamba kay Allah lamang sa paraang ikinasisiya Niya. Ngunit hindi madali ang lahat, Kinailangan kong mag-sikap at matutuhang disiplinahin ang aking sarili. Kinailangan kong matutuhan ang mga bagong bagay gaya ng kung papaanong magdasal, at matutuhan ang maraming iba't ibang panalangin sa isang bagong wika, ang Arabe, na medyo mahirap dahil ang ilang titik ay halos imposible kong mabigkas. Ngunit sa pagbabalik-tanaw sa ngayon, ikinatuwa ko ang bawat sandali sapagkat ang bawat hakbang na ginawa ay isang hakbang papalapit kay Allah.

Sa palagay ko natutuhan ko na rin ...

Ngayong araw, gumising ako para sa dasal sa madaling-araw na tinatawag na Fajr, na sandaling ito ay hindi ganoon kahirap dahil iyon sa 6 AM, ngunit sa tag-init ay maaaring maging kasing aga ng 4 AM, aray! Ganoon pa man, natututo na ako gaya ng inaasahan. Nagising ako at sa unang pagkakataon ay nagawa kong magsagawa ng wudu ng ako lamang nang hindi tumitingin sa anumang listahan kung nagagawa ko ba ang lahat nang tama. Kapag natutunan mo na, hindi na mahirap.

Tingnan kung tama ang wudu ni Sarah. Tuwing makakikita ng mali, pumindot ka roon ...

Nagsisimula ako sa pagmumumog at pagsinghot at pagsinga ng tubig nang 3 ulit, naghuhugas ng kamay nang dalawang ulit, naghihilamos nang 3 ulit, pagkatapos ay naghuhugas ng kaliwang braso ng 3 ulit kasunod ng kanang braso naman nang 3 ulit din, nagpahid sa ibabaw ng aking ulo at sa aking ilong nang isang ulit, at pagkatapos ay hinugasan ang kanang paa nang 3 ulit kasunod ng kaliwang paa nang 3 ulit. Wow! Mas mahirap isulat ito kaysa sa gawin ito! At hoy naman, ginigising ka ng paghuhugas sa umaga. Natutuwa ako na nakuha ko lahat nang tama. Nakatitiyak na ako ngayon sa pagsasagawa ng wudu. Lahat na papuri ay ukol kay Allah.

Nagsimula ako sa paghugas nang 3 beses sa mga kamay ko, nagmumog at suminghot at suminga ng tubig nang 3 ulit, naghihilamos nang 3 ulit, pagkatapos ay naghugas ng kanang braso nang 3 ulit kasunod ng kaliwang braso naman nang 3 ulit din, nagpahid sa ibabaw ng aking ulo at sa aking mga tainga nang isang ulit, at pagkatapos ay hinugasan ang kanang paa nang 3 ulit kasunod ng kaliwang paa nang 3 ulit. Wow! Mas mahirap isulat ito kaysa sa gawin ito! At hoy naman, ginigising ka ng paghuhugas sa umaga. Natutuwa ako na nakuha ko lahat nang tama. Nakatitiyak na ako ngayon sa pagsasagawa ng wudu. Lahat ng papuri ay ukol kay Allah.

Matapos kong dasalin ang Fajr ko, nagpasya akong maghanda para sa trabaho at agad na naligo. Kahit hindi ko kailangang magsagawa ng ghusl, isinasaisip ko kung papaanong gawin ito para makita ko kung magagawa ko nang tama.

Tingnan kung tama ang ghusl ni Sarah. Tuwing makakikita ng mali, pumindot ka roon ...

Nagsisimula ka sa paghuhugas ng mga paa, pagkatapos ay hinuhugasan ang mga kilikili para maalis ang anumang karumihan, pagkatapos ay nagsasagawa ng kalahating wudu gaya ng para sa salah. Pinasusundan ito ng paghuhugas ng buhok nang 13 ulit, pagkatapos ay ang kanang bahagi ng katawan bago ang kaliwang bahagi. Sa katapusan, hinuhugasan ang mga kamay. Tiyak na malinis na malinis ka na sa katapusan niyon.

Nagsisimula ka sa paghuhugas ng mga kamay, pagkatapos ay hinuhugasan ang maselang bahagi ng katawan para maalis ang anumang karumihan, pagkatapos ay nagsasagawa ng kumpletong wudu gaya ng para sa salah. Pinasusundan ito ng paghuhugas ng buhok nang 3 ulit, pagkatapos ay ang kanang bahagi ng katawan bago ang kaliwang bahagi. Sa katapusan, hinuhugasan ang mga paa. Tiyak na malinis na malinis ka na sa katapusan niyon.

Lunes ika-9 ng Marso 2015

Para akong nasa ibabaw ng ulap ngayong araw! Pagkatapos ng mga isang buwan ng hirap, ang lahat ay mukhang mabilis na talagang nagiging maayos. Ngayong araw, sa unang pagkakataon ay dinasal ko ang salah na Maghrib sa harap ng kaibigan kong si Aminah, nang walang anumang tinitingnan o tulong. Natandaan ko ang tamang pagkakasunud-sunod at ang lahat ng mga posisyon at mga panalangin. At ngayong natutuhan ko na ang isa sa mga salah, sa palagay ko ang mga iba pa ay hindi magiging sobrang hirap dahil ang bawat yunit ng salah ay magkatulad lang.

Tingnan kung tama ang salah ni Sarah. Tuwing makakikita ng mali, pumindot ka roon ...

Nagsimula ako sa pag-angat ng mga kamay at pagsasabi ng Alhamdu lillah. Pagkatapos ay binigkas ko ang pambungad na panalangin, na sinundan ng ikalimang kabanata ng Qur'an, at pagkatapos ay ng huling kabanata ng Qur'an. Kailangan kong magkonsentreyt nang maigi para makatiyak na tama lahat, Ang pagbabasa ng salin at ang medyo maunawaan ang kahulugan ay nakatutulong.

Pagkatapos ay nagpatirapa ako at binigkas ang mga panalangin nang 3 ulit, tumindig at binigkas ang ang mga panalangin para sa posisyong iyon. Sa muli, ang pagkaunawa sa mga kahulugan ay nakatutulong talaga. Pagkatapos ay yumukod ako; mayroong dalawa nito at uupo sa pagitan ng mga ito. Sa muli, nagawa ko na namang maalaala ang mga panalangin.

Pagkatapos ay tumindig ako para sa ikalawang yunit at inulit ang buong proseso. Sa wakas ay naupo ako nang matagal-tagal kasabay ng pagbigkas sa lahat ng iba't ibang mga panalangin (na lahat ay may malalim na kahulugan at nakaantig sa puso ko). Pagkatapos ay tinapos ko sa pagsabi ng salam habang lumilingon sa kanan at kaliwa.

Nagsimula ako sa pag-angat ng mga kamay at pagsasabi ng Allāhu Akbar. Pagkatapos ay binigkas ko ang pambungad na panalangin, na sinundan ng unang kabanata ng Qur'an, at pagkatapos ay ng huling kabanata ng Qur'an. Kailangan kong magkonsentreyt nang maigi para makatiyak na tama lahat, Ang pagbabasa ng salin at ang medyo maunawaan ang kahulugan ay nakatutulong.

Pagkatapos ay yumukod ako at binigkas ang mga panalangin nang 3 ulit, tumindig at binigkas ang mga panalangin para sa posisyong iyon. Sa muli, ang pagkaunawa sa mga kahulugan ay nakatutulong talaga. Pagkatapos ay nagpatirapa ako; mayroon dalawa nito at uupo ka sa pagitan ng mga ito. Sa muli, nagawa ko na namang maalaala ang mga panalangin. Pagkatapos ay tumindig ako para sa ikalawa at ikatlong yunit at inulit ang buong proseso. Sa wakas ay naupo ako nang matagal-tagal kasabay ng pagbigkas sa lahat ng iba't ibang mga panalangin (na lahat ay may malalim na kahulugan at nakaantig sa puso ko). Pagkatapos ay tinapos ko sa pagsabi ng salam habang lumilingon sa kanan at kaliwa.

Napahanga si Aminah at maligaya para sa akin. Napaluha siya at niyakap niya ako! Nararamdaman kong "proud" siya sa akin. Pagpalain siya ni Allah, Ang laki ng panahon at pagtitiyagang ibinigay niya para tulungan akong matuto. Pinalakas niya ang loob ko, lalo na noong mga sandaling sa pakiramdam ko ay hindi ako matuto o parang sobrang masalimuot.

Gusto ko nang matutuhan ang sari-saring mga panalangin na sinasambit pagkatapos ng mga "obligatory" na salah. Pagkatapos ay mayroon pang ibang mga panalangin na sinasambit sa umaga at gabi, at kapag may gagawin na gaya ng paggising, pagkain at pag-inom, paglabas ng bahay, paglalakbay, pagtulog, at iba pa. Mukhang napakarami ngunit ang mga ito ay para paalalahanan tayo na palaging alalahanin si Allah at paikutin ang ating buhay sa Kanya.

Gagawin ko ito nang unti-unti. Eensayuhin ko ang bawat isa para maging isa nang habit sa halip na magmadali at ma-stress.

Lahat ng papuri ay ukol kay Allah! Nakararamdam ako ng tagumpay. At ngayon, hihintayin ko naman ang buwan ng Ramadan na magsisimula pagkalipas ng ilang buwan.

Huwebes ika-18 ng Hunyo 2015

Sobrang excited ako ngayong araw. Bakit? Buweno, dahil ito ang unang araw ng Ramadan, at ito ang kauna-unahang Ramadan ko. Noong ilang linggong nakalipas, para akong nahihirapang isiping mag-aayuno ng 29 o 30 araw na tuluy-tuloy. Ang pinakamahabang ayuno ko bago maging Muslim ay ang hindi nakapag-almusal. Tawa ka pa diyan. Pero ngayon na narito na talaga ito, nadarama ko na pina-kaaabangan ko na ito, hindi lang dahil sa ang lahat ng mga kaibigan kong Muslim at lahat ng mga nasa masjid ay mag-aayuno din. Mayroon talagang nadaramang pagkakaisa sa mga sandaling ito.

Tingnan kung tama ang pag-aayuno ni Sarah. Tuwing makakikita ng mali, pumindot ka roon

...

Hindi ko alam kung bakit sobra akong nag-aalala. Napakadali naman ng pag-aayuno. Gigising ka sa tanghali, at kakain ng anuman. Kumain ako ng corn flakes at uminom ng kape. Malamang na hindi ko na maiinom ang 5 tasa ng kape sa isang araw. At pagkatapos magmula `Asr hanggang sa pagsikat ng araw, kakain at iinom nang isang ulit, at magagawa ang mga ginagawa ng mag-asawa, na hindi naman isyu sa akin dahil wala naman akong asawa!

Ang nalalabing mga oras ay ginagamit sa pagbabasa ng Qur'an sa abot ng makakaya, sa pagaalaala kay Allah, pagdalangin, at sa kabuuan ay sa paggawa ng maraming mabuti sa abot ng makakaya.

Pero may dalawang bagay na inaabang-abangan ko. Una, magluluto ako para sa mga kaibigan ko para makapag-iftar kami nang sama-sama. Tatamasain mo ang gantimpala ng pag-aayuno ng bawat nag-aayunong kumain ng pagkaing ibinigay mo sa iftar. Mukhang gusto rin ng mga kaibigan ko ang gantimpalang ito, Mayroon akong imbitasyon sa humigitkumulang buong buwan.

At ikalawa, ang pagpunta sa masjid sa gabi at pagdarasal ng salah na tarawih. Sinabi sa akin na tatapusin ng imam ang malakas na pagbigkas ng buong Qur'an sa Ramadan, mula sa kanyang memorya. Inggit ako! Idinadalangin ko kay Allah na pahintulutan akong maisaulo rin ang Qur'an. Nakapagsaulo na ako ng 5 maikling Surah, 109 na lang ang natitira!!

Miyerkules ika-15 ng Hunyo 2015

Patapos na ang Ramadan! Isang kahanga-hangang buwan at nadarama kong ang-gat ang kaluluwa ko. Hindi madali, at ang araw-araw na pag-aayuno ay medyo may kabigatan din paminsan-minsan. Kadalasan higit dahil sa pagod kaysa sa gutom. Pagkatapos ng unang huling araw, nasanay ka na rin sa gutom. Pero ngayong patapos na, tapat kong masasabi na hahanap-hanapin ko talaga ang Ramadan, at dumadalangin ako kay Allah na bigyan ako ng pagkakataong makaranas pa ng maraming Ramadan.

Ang isa sa panghuling kailangang gawin sa Ramadan ay magbigay ng isang isinatungkuling kawanggawa sa mahihirap, na tinatawag na Zakah al-Fitr. Ito ay mga 2.5 kilong bigas o pera sa isang bibli ng bigas para sa iyo. Mapupunta ito sa mahihirap upang hindi nila madamang naisasaisang-tabi sila sa araw ng Eid samantalang ang iba ay nagdiriwang. Ang Islam ay isang maganda at mapagmalasakit na relihiyon.

Yayamang magbibigay rin naman tayo ng kawanggawa, gusto kong matuto ng tungkol sa Zakah, ang isinatungkuling kawanggawa na ibinibigay minsan sa isang taon. Kahit pa man talaga hindi pa kailangang magbigay ako nito dahil kailangan pang dumaan ang isang taon sa mayroon ako, at wala pa akong isang taong nag-ing Muslim, gusto ko pa ring magbigay nito para maensayo ko, at nakatataba ng puso na makatulong sa mga hindi gaanong pinalad.

Tingnan kung tama si Sarah. Tuwing makakikita ng mali, pumindot ka roon ...

Nasabi sa akin na ang paraan ng pagkuwenta ng Zakah ay titingnan mo ang bahay mo, ang pilak mo, at ang kotse mo. Kabilang na rito ang lahat ng mamahaling ginto at pilak din na mga alahas ko. Kung umabot ito sa maksimum na halagang 85 gramo para sa pilak at 595 gramo para sa ginto, ang Zakah ay ipinapataw at magbibigay ka ng 25% ng kabuuang halaga.

Ang Zakah ay napupunta sa mahihirap at mga nangangailangan.

Nasabi sa akin na ang paraan ng pagkuwenta ng Zakah ay titingnan mo ang ginto mo, ang pilak mo, at ang pera mo. Kabilang na rito ang lahat ng mamahaling ginto at pilak din na mga alahas ko. Kung umabot ito sa minimum na halagang 85 gramo para sa ginto at 595 gramo para sa pilak, ang Zakah ay ipinapataw at magbibigay ka ng 2.5% ng kabuuang halaga. Ang Zakah ay napupunta sa mahihirap at mga nangangailangan. Mukhang ang pinakamadaling paraan ng pagsasagawa nito ay pumunta sa isang website ng institusyong Muslim ng kawanggawa at gamitin ang online Zakah calculator nito. Susulatan mo lang ang mga puwang, at sasabihin nito kung magkano ang ibibigay. Maaari ka na ring magbigay online at sila na ang mananagot sa pagtitiyak na makararating ito sa tamang mga tao. Ang Ramadan at ang Zakah ay nagpakita talaga sa akin kung gaano ninanais ni Allah na maging galante at mabait tayo. Kaya bagamat nalulungkot ako na patapos na ang Ramadan, marami akong natutuhan, at naiisip kong pupunta talaga ako sa Makkah para magsagawa ng Hajj.

Bakit pa ako maghihintay? Baka hindi na ako magkaroon ng isa pang pagkakataon, pero kailangang matutuhan ko muna ang lahat tungkol dito.

Martes ika-1 ng Septyembre 2015

Talagang papunta ako sa isang paglalakbay ng isang tanang buhay! Papunta ako sa Makkah para magsagawa ng Hajj. May puntong inakala kong hindi ako makapupunta sa Makkah dahil ang kababaihan ay kailangang maglakbay na may kasamang isang lalaking kamag-anak, pero lahat ng papuri ay ukol kay Allah, ang lalaking kapatid ko ay naging Muslim pagkatapos ng Ramadan. Kaya ngayon magkasama kaming pupunta! Mga 3 linggo kaming mawawala at dadalaw sa Makkah at Madinah na Lungsod ng Propeta (ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay sumakanya). Maraming pag-aaral na ginawa, pamimili, pag-eempake, at karagdang pag-aaral pa, at paghingi ng payo mula sa mga kaibigan na nakapagsagawa na ng Hajj. Medyo may kamahalan din, ngunit ang investment ay tiyak na may kabuluhan. Ang kaibigan kong si Aminah at ang kanyang asawa ay pupunta rin sa Hajj kaya magkakaroon kami ng maraming suporta, at nakapili kami ng isang pangkat na may gabay panrelihiyon na kasama, kaya makapagtatanong ako ng walang katapusang tanong!

Lumalabas na isasagawa namin ang `Umrah at ang Hajj sa paglalakbay na ito. Pupunta kami sa Makkah muna at isasagawa ang `Umrah. Pagkatapos ay mananatili kami sa Madinah nang ilang araw, nasabi sa akin na ang lungsod ay napakapayapa at napakatiwasay. Pagkatapos ay babalik kami sa Makkah para sa Hajj. Nalungkot ako para sa kapatid ko dahil ang kalalakihan sa panahon ng Hajj ay hindi makapagsusuot ng anumang normal na kasuutan o panakip sa ulo. Sa halip ay magsusuot sila ng dalawang piraso ng puting tela at sandalyas, at kabado ang kapatid ko na baka malaglag ang kanyang suot! Ang kababaihan ay makapagsusuot ng normal na kasuutan, salamat naman, ngunit hindi namin maaaring takpan ang mukha namin at mga kamay. Hindi rin ipinahihintulot na mag-alis ng buhok, magputol ng kuko, o gumamit ng mabangong bagay.

Sinisikap kong isaulo ang mga gawain ng `Umrah at Hajj, at isusulat ko iyon dito mula sa memorya, at saka ihahambing ko ito sa aking gabay sa Hajj.

Tingnan kung ang `Umrah at Hajj ni Sarah ay tama. Tuwing makakikita ka ng mali, pumindot ka rito ...

Ang `Umrah ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagbigkas sa layunin sa isang takdang lugar. Kapag naisagawa na ito, ang lahat ng mga ipinagbabawal sa pananamit at iba pa ay ipinatutupad na. Kapag naka-check-in na kami sa aming hotel sa Makkah, pupunta kami sa Banal na Masjid at yuyukod nang 7 sa paligid ng Ka`bah. Pagkatapos ay magdarasal kami ng 6 yunit na salah at iinom mula sa banal na tubig ng Zamzam. Pagkatapos nito, pupunta kami sa dalawang burol ng Safa at Marwah (halos wala nang natira sa mga ito sa ngayon) at magsasagawa ng Sa`y, na nangangahulugang paglakad sa pagitan ng dalawang burol na ito nang 14 ulit. Pagkatapos nito, magpapaahit o magpapaputol ng lahat ng buhok ang kalalakihan, at magpapaputol naman ng dulo ng buhok ang kababaihan, at ang `Umrah ay tapos na.

Ang Hajj ay nagsisimula sa ika-10 ng Dhul-Hijjah, ang huling buwan ng kalendaryo ng Islam. Sa araw na ito, ang lahat ng nagsasagawa ng Hajj ay pumupunta sa Madinah at nananatili sa loob ng araw at gabing iyon. Ang Mina ay parang kampo kung saan gugugulin namin ang karamihan sa aming panahon. Ang mahalaga, naghahanda kami para sa mga hirap ng darating na ilang araw na siyang pangunahing mga bahagi ng Hajj. Kinabukasan ng ika-9 ay pupunta kami sa Arafah, kung saan sa pagitan ng Dhuhr at Maghrib ang lahat ng dapat mong gawin ay manalangin kay Allah at alalahanin Siya. Mayroon na akong mahabang listahan ng panalanging nakahanda. Pagkatapos ng pagsikat ng araw, lilipat kami sa Muzdalifah kung saang gugugulin namin ang gabi. Sinabi sa akin na matutulog kami sa ilalim ng mga bituin kasama ng milyun-milyong tao.

Sa ika-10 ay babalik kami sa Mina, babatuhin nang 11 ulit ang kalagitnaang haligi lamang. Kailangang tandaan kong basahin ang mga tanda dahil nga mayroong tatlong haligi sa kabuuan. Pagkatapos ay mag-aalay kami ng hayop, na binayaran na namin ang sinamahang pangkat para ito na ang bahala, hindi magpapaahit ni magpapaputol ng buhok, pagkatapos ay pupunta sa Banal na Masjid para mag-sagawa sa muli ng tawaf sa paligid ng Ka`bah at ng Sa`y. Ang araw na ito ang mukhang pinakanakapapagod, at ito rin ang araw na ang lahat ng mga Muslim ay nagdiriwang ng Eid. Sa susunod na 3 araw: ang ika-11, ika-12, ika-13, mananatili kami sa Mina at babatuhin ang lahat ng 4 haligi sa bawat araw. Sa wakas, babalik na kami sa Banal na Masjid para sa tawaf ng pamamaalam, at ang Hajj ay tapos na.

Ang `Umrah ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagbigkas sa layunin sa isang takdang lugar. Kapag naisagawa na ito, ang lahat ng mga ipinagbabawal sa pananamit at iba pa ay ipinatutupad na. Kapag naka-check-in na kami sa aming hotel sa Makkah, pupunta kami sa Banal na Masjid at magsasagawa ng tawaf (nakatutuwang katawan na nangangahulugang iikot nang pasalungat sa ikot ng relo) nang 7 sa paligid ng Ka`bah. Pagkatapos ay magdarasal mi ng 2 yunit na salah at iinom mula sa banal na tubig ng Zamzam. Pagkatapos nito, pupunta kami sa dalawang burol ng Safa at Marwah (halos wala nang natira sa mga ito sa ngayon) at magsasagawa ng Sa`y, na nangangahulugang paglakad sa pagitan ng dalawang burol na ito nang 7 ulit. Pagkatapos nito, magpapaahit o magpapaputol ng lahat ng buhok ang kalalakihan, at magpapaputol naman ng dulo ng buhok ang kababaihan, at ang `Umrah ay tapos na.

Ang Hajj ay nagsisimula sa ika-8 ng Dhul-Hijjah, ang huling buwan ng kalendaryo ng Islam. Sa araw na ito, ang lahat ng nagsasagawa ng Hajj ay pumupunta sa Madi-nah at nananatili sa loob ng araw at gabing iyon. Ang Mina ay parang kampo kung saan gugugulin namin ang karamihan sa aming panahon. Ang mahalaga, nagha-handa kami para sa mga hirap ng darating na ilang araw na siyang pangunahing mga bahagi ng Hajj. Kinabukasan ng ika-9 ay pupunta kami sa Arafah, kung saan sa pagitan ng Dhuhur at Maghrib ang lahat ng dapat mong gawin ay manalangin kay Allah at alalahanin Siya.

Mayroon na akong mahabang listahan ng panalanging nakahanda. Pagkatapos ng pagsikat ng araw, lilipat kami sa Muzdalifah kung saang gugugulin namin ang gabi. Sinabi sa akin na matutulog kami sa ilalim ng mga bituin kasama ng milyun-milyong tao. Sa ika-10 ay babalik kami sa Mina, babatuhin nang 7 ulit ang malaking haligi lamang. Kailangang tandaan kong basahin ang mga tanda dahil nga mayroong tatlong haligi sa kabuuan. Pagkatapos ay mag-aalay kami ng hayop, na binayaran na namin ang sinamahang pangkat para ito na ang bahala, hindi magpapaahit ni magpapaputol ng buhok, pagkatapos ay pupunta sa Banal na Masjid para magsagawa sa muli ng tawaf sa paligid ng Ka`bah at ng Sa`y. Ang araw na ito ang mukhang pinakanakapapagod, at ito rin ang araw na ang lahat ng mga Muslim ay nagdiriwang ng Eid. Sa susunod na 3 araw: ang ika-11, ika-12, ika-13, mananatili kami sa Mina at babatuhin ang lahat ng 3 haligi sa bawat araw. Sa wakas, babalik na kami sa Banal na Masjid para sa tawaf ng pamamaalam, at ang Hajj ay tapos na.

Katatapos ko lang ma-check at Wow! Tama talaga ako sa lahat! Hindi na ako makapaghintay!

